ANG SANSINUKOB NA LABANAN
Liksyon 1 para sa ika-7 ng April, 2018

A Ang tunggalian ay nagsimula sa Langit. Ezekiel 28:2, 12-19; Isaiah 14:12-14.

- ❖ Ang unang tanong kung pag-aaralan natin ang tunggalian ng mabuti at masama ay: Kung ginawa ng Dios ang lahat, ginawa rin ba Niya ang masama?
- ❖ Sabi ng Biblia na si Lucifer na isang kerubin ang pasimuno ng kasamaan. Ang kerubing iyon ay ginawang perpekto at walang bahid ng kasamaan.
- ❖ Ginawa siyang perpekto ay malaya, at pinili niyang pagbigyan ang kayabangan at hinangad na maging kagaya ng Dios.

B Apektado ang mundo. Genesis 3:1-7.

- ❖ Ganunpaman, nagpasya sya na maniwala sa ahas sa halip na sa Manlalalang. At nakihati si Adan sa kanyang kasalanan!
- ❖ Mula doon ay naging bahagi ang tao sa tunggalian, at pinili natin ang maling panig.
- ❖ Nakaharap tayo sa parehong desisyon araw-araw, Alinman, sumunod o sumuway sa Dios. Kailangan nating pumili sa buhay o kamatayan.

C Mga digmaan sa Langit at sa Lupa. Apocalipsis 12.

- ❖ Digmaan sa Langit (I). Nagrebelde si Satanas at nahikayat ang ikatlong bahagi ng mga anghel na sumama sa kanya. Sila'y hinulog mula sa Langit (v. 4)
- ❖ Inusig ni Satanas ang Iglesia (v. 4)
- ❖ Nagtagumpay si Jesus at umakyat sa Langit (v. 5)
- ❖ Digmaan sa Langit (II). Itinapon si Satanas sa Lupa (v. 7-9)
- ❖ Inusig ang Iglesias a loob ng 1,260 na taon at tumakas papuntang "ilang" (v. 6, 14)
- ❖ Inuusig ni Satanas ang mga Nalabi (v. 17)

D Ang tunggalian sa loob ng Iglesia. Apocalipsis 12:13-16.

- ❖ Ang hulang iyon ay sumasaklaw sa mga taong 538 hanggang 1798.
- ❖ Sa panahong iyon, lahat ng mga mag-aaral ng Biblia at mamumuhay sang-ayon dito ay marahas na paparusahan.
- ❖ Hindi sila iniwan ng Dios. Pinalakas sila ng mga salita ni Jesus na: "narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan" (Mateo 28:20)
- ❖ Tayo rin ay pinapalakas ng pangakong iyon araw-araw. Tayo ay "higit pa sa mga mapagtagumpay" sa pamamagitan ni Jesus (Roma 8:31-39)

E Ang huling mga digmaan. Apocalipsis 12:17.

- ❖ Naghanda ang Diyos ng tapat na Nalabi mula sa unibersal na Simbahan. Sinusunod nila ang mga utos ng Diyos at patungkol sa kanila ang huling pag-atake ni Satanas.
- ❖ Anong mga kautosan ang sinusunod nila?
- ❖ Binuod ni Jesus ang mga ito sa pagmamahal sa Diyos at sa ating kapwa(Mateo 22:37-39). Kabilang dito ang pagsunod sa lahat ng Sampung Utos (Deuteronomeo 11:1)
- ❖ Ang Adventist Church ay nagsimula bilang isang prophetic movement sa huling araw (Apocalipsis 10). Ang pangalan nito ay naglalaman ng mga katangian ng nalalabing iglesia.